

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 18, 2020

Pakikipag-ugnay: Rebecca F. Kauma, Manager ng Economic at Digital Inclusion na Programa, Kagawaran ng Teknolohiya at Pagbabago, 562.570.7441, Rebecca.Kauma@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nakikipagtulungan ang Lungsod ng Long Beach sa mga Nonprofit upang Maglunsad ng isang Plataporma ng Digital na Rekurso na ConnectedLB
Ang Lungsod ay itinalaga bilang 2020 Digital Inclusion Trailblazer

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Teknolohiya at Inobasyon ng Lungsod ng Long Beach, sa pakikipagtulungan kasama ang [California Emerging Technology Fund](#) (CETF), [EveryoneOn](#) at [human-I-T](#), ay naglunsad ng isang sentralisadong online na plataporma para sa mga residente ng Long Beach upang ma-access ang mga murang serbisyo sa Internet, kompyuter, at rekurso sa digital na karunungan, na tinatawag na [ConnectedLB Plataporma](#), na may pagkakaugnay sa Get Connected na Inisyatibo ng CETF.

“Ang Internet ay mas mahalaga na ngayon kaysa dati,” sabi ni Mayor Garcia. “Sa pamamagitan ng ConnectedLB, mas maraming tao ang magkaka-access sa abot-kayang serbisyo upang manatiling konektado, lalo na sa panahon ng pandemyang ito.”

Pinapayagan ng ConnectedLB Plataporma ang mga residente ng Long Beach na makahanap mga murang serbisyo sa Internet at kompyuter sa kanilang lokal na kapitbahayan sa pamamagitan ng pagbigay ng kanilang zip code. Ang mga residente ng Long Beach ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga murang serbisyo ng Internet at kompyuter base sa veripikasyon ng katayuan ng kanilang kita at partisipasyon sa mga programa sa pampublikong benepisyo. Ang plataporma ay maaaring gamitin sa parehong Ingles at Espanyol at inaasahang tumakbo hanggang Abril 2021 o hanggang sa karagdagang paunawa. And nilalaman ng plataporma ay

pinamamahalaan ng EveryoneOn. Upang gamitin ang plataporma, ang mga residente ng Long Beach ay maaaring bumisita sa: everyoneon.org/longbeach.

Ang Lungsod ng Long Beach ay pinangalanang “2020 Digital Inclusion Trailblazer” ng National Digital Inclusion Alliance (NDIA)

Ang Lungsod ng Long Beach ay isa sa 14 na mga hurisdiksyon sa nasyon na pinangalanan ng 2020 [Digital Inclusion Trailblazer](#) ng [National Digital Inclusion Alliance](#) (NDIA). Ito ay ang pangalawang pagkakataon na ang Lungsod ay nakatanggap ng natatanging pagkilala. Ang Digital Inclusion Trailblazers ay isang honor roll ng mga inisyatibo ng lokal na gobyerno na nagtataguyod ng digital na karunungan at access sa broadband Internet para sa mga nangangailangang residente.

Ang mga Trailblazers ay mga modelo para sa ibang mga lokal na pamahalaan upang ituloy ang mga pagsasama ng digital na pagsisikap sa kanilang sariling komunidad. Kinilala ng NDIA ang mga lokal na pamahalaan na gumagamit ng anim na mga tagapaghiwatig, tulad ng:

- Mga tauhan na full-time na nakatuon sa inisyatibo ng digital na pagsasama.
- Ang lokal na pamahalaan ay nakabuo ng isang plano ng digital na pagsasama.
- Ang lokal na pamahalaan ay kasali sa isang koalisyon ng digital na pagsasama.
- Ang lokal na pamahalaan ay nagsagawa o nagbabalak na magsagawa ng sarbey sa pagsasaliksik ng paggamit ng Internet.
- Ang lokal na pamahalaan ay direktang nakahanap ng programming sa digital na pagsasama sa komunidad.
- Ang lokal na pamahalaan ay mayroon o gumagawa ng mga hakbang upang madagdagan ang kakayahang magamit ang home broadband na serbisyo sa Internet.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Digital Inclusion Initiative ng Lungsod ay matatagpuan sa kanilang is [website](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###